

ClimateLB Programang Microgrant ng Kabataan

MAG-APPLY
NGAYON

\$5,000 na kalooob ay nakalaan para suportahan ang mga proyekto sa aksyon sa klima sa West Long Beach na pinamumunuan ng kabataan edad 15-24!



Proyekto sa
Reforestation



Pagsisikap sa
Edukasyon



Programang
Ambassador



Kampanyang
sa Sining

YOUTH CLIMATE
ACTION FUND

Supported by Bloomberg Philanthropies



LONG BEACH
Office of Climate Action
& Sustainability

Mag-apply bago ang 3/17/2025: lbcity.info/climatelb



ClimateLB Youth Climate Action Fund Microgrant Program
(programa ng microgrant mula sa ClimateLB para sa pagpondo sa aksyon sa klima)

Nilalayon ng ClimateLB Youth Climate Action Fund Microgrant Program na suportahan ang kabataan na nasa edad 15-24 sa pagdisenyo, pagsagawa at pamamahala ng madaliang solusyon sa klima na lalong mapapasulong ang aksyon sa klima ng Lungsod Labing pito kwalipikadong aplikante ay gagawaran ng \$5,000 bawat isa para maipatupad ang mga sustainable na proyekto sa West Long Beach.

Ang panahon ng aplikasyon ay magbubukas mula **Biyernes, Pebrero 21, 2025** hanggang **Lunes, Marso 17, 2025**. Mayroong mga aplikasyon online (lbcity.info/climatelb), para sa mga tanong, makipag-ugnayan sa climateaction@longbeach.gov.

1. Sino ang maaaring mag-apply?

Ang mga proyekto ay dapat imungkahi ng mga kabataan na may edad 15-24. Ang mga organisasyong pinamumunuan ng mga kabataan at naglilingkod sa mga kabataan sa Long Beach ay karapatdapat na mag-aplay. Iba pang mga organisasyon sa Long Beach ay maaaring mag-apply kung silay ay nakipagsosyo sa isang lokal na organisasyon na nagsisilbi sa kabataan na nasa edad 15-24. Halimbawa, isang nonprofit para sa klima o sining ay maaaring mag-apply kapag sila'y kasosyo sa isang lokal na kabataan bilang pinuno ng proyekto.

2. Ilang kaloob ang igagawad?

Labing pito kaloob sa halagang \$5,000 ay igagawad para suportahan ang kwalipikadong mga proyekto.

3. Anong mga tipo ng proyekto ang kwalipikado?

Ang programa ay uunahin ang mga panukala mula sa mga organisasyong pinamumunuan ng kabataan at naglilingkod sa kabataan na tinutugunan ang pagpapagaan ng epekto ng pagbago ng klima at aksyon ng pagpatupad sa West Long Beach, hustisya para sa kapaligiran, at pagka-pantaypantay, at ang pag-invest sa kabataan ang ekonomiyang luntian. Maaaring isama sa mga panukala ay ang mga:

- **Reforestation at Pagtanim ng mga Puno na Pinamumunuan ng Kabataan:** Mga proyekto na naguugnay sa mga kabataang boluntaryo na magtanim ng mga puno, pagandahin ang mga luntiang espasyo, at

dagdagan ang ang urban canopy na sakop para sa mas mabuting kalidad ng hangin at katatagan laban sa klima.

- **Pagsisikap sa Edukasyon na Pinamumunuan ng Kabataan:** Mga inisyatibang pang-edukasyon na pinamumunuan ng kabataan na tinatarget ang mga lokal na mga paaralan at komunidad para dagdagan ang kaalaman at pag-unawa sa mga isyu ng klima.
- **Programang mga Ambassador ng mga Kabataan para sa Klima:** Mga programa na sinasali ang kabataan para magbigay ng impormasyon sa lokal na klima at mga pagkukunan para sa kapaligiran para sa mga lokal na negosyo, nonprofit at mga residente.
- **Mga Kampanya ng Pampublikong Sining na Dinisenyo ng Kabataan at Kaalaman:** Pakikipagsosyo kasama ang mga batang artista para lumikha ng mga instalasyon ng pampublikong sining at kampanya ng kaalaman para maihatid ang kaalaman ng madaliang aksyon sa klima at layunin sa klima ng Lunsod.

4. Paano ako maaring mag-apply?

Bukas ang aplikasyon sa website simula **Biyernes, Pebrero 21, 2025**, at magsasara ng **11:59 PM sa Lunes, Marso 17, 2025**. Mayroong tulong nga teknikal para suportahan ang mga aplikante sa proseso ng pagsumite.

5. Paano at kailan aaprubahan ng Lungsod ang mga panukala?

Mga aplikasyon ay magsasara sa **11:59 PM ng Lunes, Marso 17, 2025**. Ang opisina ng aksyon ng klima ay pag-aaralan lahat ng aplikasyon para matiyak na nakamit nila ang minimum na kwalipikasyon ng Klima. Ang mga aplikante na ang mga proyekto ay hindi nakakatugon sa mga minimum na kwalipikasyon ay aabisuhan sa **Marso 24, 2025**. Susuriin ng isang panel ng pagpili ang mga aplikasyon at ang mga matagumpay na aplikante ay aabisuhan sa unang bahagi ng Abril.

6. Kailang maigagawad ang mga pondo?

Ang pondo ay ipapangaiswa sa sa mga gagawaran bago **Mayo 9, 2025**, at ang buong \$5,000 ay dapat magastos bago **Oktubre 31, 2025**.

7. Sino ang magpopondo ng kaloob?

Ang [Youth Climate Action Fund](#) ay pinopondohan ng Bloomberg Philantropies kasama ang United Cities at lokal na gobyerno at ang Bloomberg Center for Public Innovation sa Johns Hopkins University at pinangangasiwaan ng Rockefeller Philantropy Advisors.